Kabuuang Pananaw













BROADWAY PLAN

Ang Broadway Plan ay isang pangunahing inisyatiba sa pagpaplano na tumutuon sa mga pagkakataon upang maisama ang bagong pabahay, espasyo ng trabaho at mga amenidad sa Broadway Subway. Ang Plan ay magbibigay ng komprehensibong balangkas upang gabayan ang paglago at positibong pagbabago sa lugar sa susunod na 30 taon, upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga residente at henerasyon ngayon sa hinaharap.

Ang lugar ng pag-aaral ay nakasentro sa kahabaan ng Broadway sa pangkalahatan mula sa Clark Drive hanggang Vine Street at sa pagitan ng 1st at 16th Avenues. Ang Plan ay nagtatakda ng iba't ibang paggamit ng lupa at mga patakaran sa buong lugar na sumusuporta sa pananaw para sa lugar na madali at kayang-kayang lakarin, buhay na buhay, inklusibo, at natatanging lugar upang manirahan, magtrabaho, maglibang, at matuto.

Kabilang sa mga pangunahing layunin ng Broadway Plan ang: pagtugon sa pangangailangan para sa mas maraming pabahay at lugar ng trabaho na malapit sa rapid transit; higit na abot-kaya sa pabahay at mga suporta upang payagan ang mga kasalukuyang nangungupahan na manatili sa kanilang mga kapitbahayan; bago at pinahusay na mga paraan para makagalaw ang mga tao sa paligid; pinahusay na mga parke at pampublikong espasyo; masmarami pang mga lugar ng pangangalaga sa bata; at mga bago at na-renew na pampublikong amenidad para pagsilbihan ang lumalaking komunidad.

Ang mga layuning ito ay tutulong sa Lungsod na tumugon sa mga bagong priyoridad at pangangailangan sa susunod na 30 taon.

Sa pagbibigay-diin sa mga malalakarang, kumpletong kapitbahayan, sinusuportahan ng Broadway Plan ang target ng Climate Emergency Action Plan ng Vancouver na tiyaking 90 porsiyento ng mga tao ay mabubuhay sa loob ng madaling malalakaran o magugulungan sa kanilang pang-araw-araw na pangangailangan sa 2030.

Pagbuo ng Plan

Mula noong Marso 2019, libu-libong residente sa buong lugar ng pag-aaral at sa iba pang bahagi ng Vancouver ang aktibong nakiugnay sa pagbuo ng Broadway Plan sa pamamagitan ng pagbabahagi ng kanilang mga pag-asa, paghamon at pananaw.

Sa loob ng tatlong taon, nakarinig kami mula sa komunidad sa pamamagitan ng maraming iba't ibang pagkakataon sa pakikipag-ugnayan kabilang ang: mahigit sa 130 iba't ibang kaganapan tulad ng personal at virtual na mga open house at workshop, walking tour, pop-up, at oras ng opisina; libu-libong mga tugon sa survey; at input mula sa iba pang mga channel. Ang feedback na natanggap namin ay tumulong na idirekta ang proseso ng pagpaplano mula sa mga gabay na prinsipyo nito patungo sa mga partikular na patakaran. Ang aming narinig ay nagbigay impormasyon sa lahat ng aming trabaho at hinulma ang Broadway Plan sa isang koleksyon ng paggamit sa lupa at mga patakaran sa buong lugar na nagpapanatili sa kung ano ang mahalaga sa mga kapitbahayan ng Kitsilano, Fairview at Mount Pleasant, at sumusuporta sa paglago ng lungsod at rehiyon sa kabuuan.

Repasuhin ang Draft Plan

Ang Broadway Plan, ulat ng Konseho at background na impormasyon ay makukuha sa: shapeyourcity.ca/broadway-plan

Ano ang Susunod?

Nakatakda ang Broadway Plan na pumunta sa Konseho ng Lungsod sa Mayo 2022.

©2022 City of Vancouver 22-112

CITY OF VANCOUVER

Public Benefits Strategy

Ang Public Benefits Strategy (PBS) ay isang 10-taong capital investment plan na nagtuturo kung paano namin pinopondohan ang mga pampublikong pasilidad at imprastraktura upang maibigay ang kailangan ng mga komunidad para sa pag-renew at paglago. Bilang karagdagan sa PBS, ang Broadway Plan ay magbibigay din ng mas mataas na antas ng pananaw at tanawin para sa mga pampublikong benepisyo sa lugar sa loob ng 30 taong buhay ng plano.

Ang kapasidad ng pagpopondo ng Lungsod, mga umuusbong na pagkakataon, at ang umuunlad na mga pangangailangan ng Broadway area at lungsod sa kabuuan ay makakatulong na matukoy ang aktwal na pakete ng mga amenidad at imprastraktura na maaaring pondohan at maihatid. Ang PBS ay rerepasuhin at susuriin nang pana-panahon at isasama sa pangkalahatang pagpaplano ng kapital ng Lungsod (ang 10-taong Capital Strategic Outlook, apat na taong Capital Plan, at taunang Capital Budget) na nagbibigay-priyoridad sa mga proyekto at pagpopondo sa antas ng buong lungsod.

Kasama sa kasalukuyang mga layunin at pagtatantya para sa Broadway Plan Public Benefits Strategy ang:

Abot-kayang Pabahay: (~$455 milyon)

- Humigit-kumulang 600 karagdagang mga yunit ng panlipunang pabahay ang kukunin sa pamamagitan ng pribadong pag-unlad, kabilang ang ilang artist live-work unit na may mga nakabahaging production space sa mga istratehikong lokasyon.
- Humigit-kumulang 330 mga yunit ng panlipunang pabahay sa pamamagitan ng pag-renew at pagpapalawak ng mga kasalukuyang lugar ng pabahay na hindi pag-aari ng lungsod.
- Humigit-kumulang 1,500 ang naka-secure na mga lower-market na inuupahang yunit.

Pag-aalaga ng bata: (~$85 milyon)

- Ligtas na pagpapaunlad ng apat hanggang pitong bagong pasilidad (humigit-kumulang 250 espasyo ng pag-aalaga ng bata).
- Pag-renew at pagpapalawak ng tatlong pasilidad na pag-aari ng Lungsod (humigit-kumulang 160 na espasyo).

Mga Parke at Mga Bukas na Espasyo: (~$96 milyon)

- Pag-renew at pagpapalawak ng mga kasalukuyang parke, tulad ng Jonathan Rogers Park at Guelph (Dude Chilling) Park, upang mas mahusay na mapagsilbihan ang lumalaking populasyon.
- Paghahatid ng nakaplanong bagong espasyo ng parke (hal. Burrard Slopes Park at Delamont Park), pati na rin ang pagbibigay ng karagdagang espasyo sa parke sa pamamagitan ng malalaking pagpapaunlad at pagbili ng lupa.

Transportasyon at Paggamit ng Kalye: (~$109 milyon)

- Pag-convert ng mga pangunahing seksyon ng Broadway (humigit-kumulang apat na kilometro) sa isang 'Great Street' na may mas maraming espasyo para sa mga pedestrian at pinahusay na mga tampok tulad ng mas malawak na mga bangketa, malalaking puno sa kalye at mga pagpapabuti sa kalye para sa mga taong naglalakad, nagbibisikleta at gumulong.
- Paggawa ng humigit-kumulang apat hanggang anim na kilometro ng mga bagong protektadong ruta ng bisikleta at mga greenway para sa paglalakad, pagbibisikleta, at pampublikong berdeng espasyo.
- Magpatupad ng mga pagpapahusay tulad ng bagong "Streets as Better Public Spaces" (muling paglalaan ng espasyo sa kalsada) sa tatlong bloke at maghatid ng tatlong bagong permanenteng disenyong plaza.

Sining at Kultura: (~$55 milyon)

- Kumuha ng ~24,500 square feet ng bago at pinalawak na produksiyon ng sining at mga espasyo ng musika para sa mga artist at manggagawang pangkultura.
- Kumuha ng ~10,000 square feet ng espasyo ng trabaho at espasyo ng imbakan para sa humigit-kumulang 50 yunit ng tirahan/trabahuhan ng panlipunang pabahay ng artist ~11,500 square feet ng nakabahaging espasyo ng produksiyon para suportahan ang 60 yunit ng panlipunang pabahay ng artist.
- Ihatid ~10,000 square feet ng pinalawak na mga espasyo ng mga espasyo ng presentasyon.
- Maghatid ng pampublikong sining mula sa mga kontribusyon sa pagpapaunlad sa pamamagitan ng Public Art Program
- Pagpopondo sa konserbasyon ng mga dulugan ng mana sa pamamagitan ng mga programang pamana ng Lungsod.

Mga Pasilidad ng Komunidad at Pampublikong Kaligtasan: (~$77 milyon)

- Galugarin ang pag-renew at pagpapalawak ng Vancouver Firehall No.2 at ng Firehall Library na sangay sa Granville at 10th Avenue.
- Galugarin ang pag-renew at pagpapalawak ng Mount Pleasant Neighbourhood House, kabilang ang magkakasamang lokasyon sa mga karagdagang serbisyo.
- Maagang pagpaplano at trabahong pagdidisenyo para sa pag-renew at pagpapalawak ng community centre sa loob o malapit sa Broadway, na kukumpletuhin sa pangmatagalang terminong kurso ng plano.

One Water: (~$221 milyon)

- Mga upgrade sa mga sewer at drainage para bawasan ang mga peligro sa baha sa buong lugar.
- Paghahatid ng bagong green rainwater infrastructure na gumagamit ng kalikasan para gamutin at kumolekta ng tubig, pati na ang mas maraming green space at tirahan.



Para sa higit pang impormasyon:

Basahin ang plano sa: shapeyourcity.ca/broadway-plan


Email: broadwayplan@vancouver.ca

Telepono: 3-1-1

CITY OF VANCOUVER

Mga Malalaking Pagkilos ng Kapitbahayan

(Paggamit ng Lupa)





Kitsilano

Ang Kitsilano ay pinahahalagahang kapitbahayan na nakatakda malapit sa beach, sa mga destinasyong waterfront park, at ang iconic Kitsilano Pool. Ito ay may makabuluhang dami ng pabahay na itinayo para sa layuning maging paupahan, magkakaibang tindahan at mga restawran sa West 4th Avenue, at konsentrasyon ng espasyo ng opisina at mga mas bagong mixed-use na development sa Broadway. Ang mga polisiya ng Broadway Plan para sa Kitsilano ay nilalayong makatulong na mapanatili kung ano ang espesyal sa Kitsilano, habang pinagagana ang mas maraming opsiyon sa pabahay, espasyo ng trabaho, mga tindahan at mga serbisyo, at mga amenidad sa kabuuan ng kapitbahayan. Kasama sa ilang mga Big Moves o mga pangunahing direksiyon para sa Kitsilano:

- Pagpapanatili sa kung ano ang pinaka-pinapahalagahan ng komunidad, tulad ng West 4th Village (panatilihin na ang mga gusali ay hindi tataas sa anim na palapag), berde at madahong residensiyal na kalye, at mga gusaling pamana.
- Lumilikha ng mga oportunidad para sa bagong espasyo ng trabaho, pabahay, at mga amenidad na malapit sa Arbutus Station na may mga gusali na hanggang 20-30 palapag.
- Pagsuporta sa dumaragdag na paglago sa pamamagitan ng pagdaragdag ng higit pang magkakaibang mga opsyon sa pabahay gaya ng mga paupahang gusali ng apartment, partikular sa mga lugar na tirahan na mas mababa ang density sa timog ng Broadway na may mga gusaling hanggang 15-18 palapag.
- Sinusuportahan ang pangmatagalang pag-renew ng mga luma na paupahang apartment, tinitiyak na mapapanatili ang pagiging abot-kaya at ang mga kasalukuyang nangungupahan ay binibigyan ng komprehensibong suporta upang payagan silang manatili sa kanilang kapitbahayan.
- Pagpapakilala ng mga allowance para sa mga ligtas na paupahang gusali ng apartment sa mga kasalukuyang lugar ng tirahan na mas mababa ang densidad.
- Pag-enable ng bagong lokal na retail at mga serbisyo na nagsisilbi sa lahat ng residensiyal na lugar, gaya ng mga corner grocery store, cafe, panaderya, at parmasya.

Fairview

Ang Fairview ay isang kapitbahayan na may magkakaiba, marami ang mahahalagang tungkulin. May makabuluhang dami ng pabahay na itinayo para sa layuning maging paupahan;may mga lokal at dinadayong mga retail na negosyo sa South Granville Village; at malaking konsentrasyon ng espasyo ng opisina sa Central Broadway. Tahanan ito ng Vancouver General Hospital, BC Cancer Centre at mga campus ng Vancouver City Hall sa Uptown area. Ang mga polisiya ng Broadway Plan para sa Fairview ay nilalayon para palakasin ang mga katangi-tanging mga tungkulin na ito at lumikha ng mas malalakaran, kumpletong kapitbahayan na may mga karagdagang opsiyon sa pabahay. Kasama sa ilang mga Big Moves o mga pangunahing direksiyon para sa Fairview:

- Pagpapanatili sa kung ano ang pinaka-pinapahalagahan ng komunidad, tulad ng South Granville Village (panatilihin na ang mga gusali ay hindi tataas sa anim na palapag), berde at madahong residensiyal na kalye, at mga gusaling pamana.
- Lumilikha ng mga oportunidad para sa bagong espasyo ng trabaho, pabahay, at mga amenidad na malapit sa South Granville Station na may mga gusali na hanggang 30-40 palapag.
- Pagpapalakas ng Central Broadway bilang pangunahing sentro ng pag-empleyo, partikular sa lugar ng Uptown malapit sa Oak-VGH at Broadway-City Hall Station na mya mga gusali ng tanggapan na hanggang 32 palapag.
- Sinusuportahan ang pangmatagalang dumaragdag na pag-renew ng mga luma na paupahang apartment, tinitiyak na siguruhin ang pagiging abot-kaya at ang mga kasalukuyang nangungupahan ay binibigyan ng komprehensibong suporta upang payagan silang manatili sa kanilang kapitbahayan.
- Pagpapakilala ng mga allowance para sa mga ligtas na paupahang gusali ng apartment sa mga kasalukuyang lugar ng tirahan na mas mababa ang densidad.
- Pag-enable ng bagong retail at mga serbisyo sa lahat ng residensiyal na lugar, gaya ng mga corner grocery store, cafe, panaderya, at parmasya.



Mount Pleasant

Ang Mount Pleasant ay isang eclectic at magkakaibang kapitbahayan na may halo ng mga pang-industriyang lupain, mga itinatangi na lokal na tindahan at serbisyo, isang malakas na presensya sa sining at kultura, at ilan sa pinaka-abot-kayang paupahang pabahay sa lungsod. Ang mga patakaran ng Broadway Plan para sa Mount Pleasant ay nilayon na panatilihin at palakasin ang mga natatanging lugar na ito habang pinagsasama ang bagong pabahay at espasyo ng trabaho. Kasama sa ilang mga Big Moves o mga pangunahing direksiyon para sa Mount Pleasant:

- Pagpapanatili sa kung ano ang pinaka-pinapahalagahan ng komunidad, tulad ng Main Street Village (panatilihin na ang mga gusali ay hindi tataas sa anim na palapag), berde at madahong residensiyal na kalye, at mga gusaling pamana.
- Lumilikha ng mga oportunidad para sa bagong pabahay, espasyo ng trabaho at mga amenidad na malapit sa Mount Pleasant subway station na may mga gusali na hanggang 20-30 palapag.
- Pagpapalakas sa Mount Pleasant Industrial Area bilang isang makulay na malikhain at pangkulturang production hub sa pamamagitan ng pagpapahusay sa magaan nitong pang-industriyang tungkulin at pagsuporta sa ekonomiya ng inobasyon.
- Sinusuportahan ang pangmatagalang pag-renew ng mga luma na paupahang apartment, tinitiyak na siguruhin ang pagiging abot-kaya at ang mga kasalukuyang nangungupahan ay binibigyan ng komprehensibong suporta upang payagan silang manatili sa kanilang kapitbahayan.
- Pagpapakilala ng mga allowance para sa mga secured na paupahang gusali ng apartment sa mga kasalukuyang lugar ng tirahan na mas mababa ang densidad.
- Pag-enable ng bagong retail at mga serbisyo sa lahat ng residensiyal na lugar, gaya ng mga corner grocery store, cafe, panaderya, at parmasya.
- Pinahuhusay ang Malikhaing Distrito sa False Creek Flats para tulungan itong maging 24-oras na komunidad na may malakas na pagtuon sa edukasyon, inobasyon, sining at kultura.

©2022 City of Vancouver 22-112